



NEW MUSLIM
ACADEMY

Salah para sa mga Bagong Muslim



Salah (Ang Itinakdang Pang-araw-araw na Panalangin) para sa mga Bagong Muslim

Salah, ang limang beses na itinakdang pang-araw-araw na mga panalangin, ay ang pangalawang haligi ng Islam. Inilarawan ito ni Propeta Muhammad (SAWS) bilang pangunahin at pinaka-mahalagang bagay sa Islam. May iba't-ibang uri ng Salah, itinakdang mga panalangin, ang ilan kung saan ay obligado, habang ang iba ay inirerekomenda o partikular sa ilang mga kaganapan o mga pangyayari. Sa Elektronikong Libro na ito, ay pagtutuunan natin ang obligadong mga panalangin (Salah).

Bagama't ang Salah ay isang pang-indibidwal na gawaing pagsamba na responsibilidad ng bawat Muslim na isagawa, ang itinakdang pang-araw-araw na mga panalangin ay tila kakaiba, dahil ang mga ito ay maaaring isagawa sa kongregasyon o mag-isa. Ang pangunahing batayan na gagamitin natin para sa mga layunin ng kabanatang ito ay ang pagsasagawa nito ng mag-isa.

Ang itinakdang ritwal na mga panalangin ay lubhang banal at maraming mga gantimpala. Ipinabatid sa atin ng Allah na ang mga ritwal na mga panalangin ay tumutulong upang maiwasan ang kasamaan at kasalanan. Ang palagiang pagsasagawa ng mga ito ay lumilikha ng liwanag sa puso ng isang tao na nagpapaalala sa kanila na gumawa ng mabuti at lumayo sa kasalanan. [29:45] Ang mga ito ay pinagmumulan ng kasiyahan at tulong sa mananampalataya. Sinabi sa atin ni Propeta Muhammad (SAWS) na ang obligadong itinakdang mga panalangin ay pumapawi sa lahat mga maliliit na kasalanan na nagawa sa pagitan ng magkaibang mga panahon. Nagbigay siya ng isang pagkakatulad upang maging malinaw ang paksa kung saan sinabi sa kanyang mga alagad, "Isipin na mayroong isang ilog sa labas ng iyong tahanan at naghugas ka dito ng limang beses sa isang araw. May mananatili bang dumi sa iyo?" Tugon nila, 'Hindi.' Kanyang sinabi, "Tulad na lamang ng halimbawa kung paano ang limang itinakdang ritwal na panalangin (Salah) ay nag-aalis ng mga kasalanan."


Ang 5 Obligadong Itinakdang Ritwal na Panalangin

Mayroong limang obligadong itinalagang ritwal na mga panalangin na dapat ialay ng bawat Muslim sa araw-araw:


- 1. Fajr** – ang panalangin pagkatapos ng buhang-liwayway (2 yunit).
- 2. Dhuhr** – ang panalangin sa tanghali (4 na yunit).
- 3. Asr** – ang panalangin sa hapon (4 na yunit).
- 4. Maghrib** – ang panalangin pagkatapos ng paglubog ng araw (3 yunit).
- 5. Isha** – ang panalangin sa gabi.

 ② Fajir Prayer

 ④ Zuhr Prayer

 ④ Asr Prayer

 ③ Maghrib Prayer

 ④ Isha Prayer



Mga Tuntunin ng Pagdarasal (Salah)

May ilang mga bagay na dapat mong tiyakin na natapos na bago ka magsimula sa iyong mga itinakdang panalangin. Ang ilan sa mga ito ay kinakailangan at ang iba ay inirerekomenda.

Mga Kinakailangang Kondisyon:

1. Kinakailangan na ikaw ay nasa estado ng ritwal na kalinisan. Tandaan na ang mga kababaihan ay hindi kasama sa pagsasagawa ng itinakdang ritwal na panalangin, ang Salah, bilang isang banal na pribilehiyo sa panahon ng kanilang regla at kapag sila ay nagkaroon ng pagdurugo pagkatapos ng panganganak.
2. Dapat mong takpan ang iyong katawan nang naaangkop. Ang isa ay dapat manamit sa pinakamahusay na paraan para sa gawaing ito ng pagsamba sa harap ng Allah.' Maging maayos. Ang pinakamababa para sa mga kalalakihan ay ang takpan ang kanilang katawan mula sa kanilang pusod hanggang sa mga tuhod at kanilang mga balikat. Para sa mga kababaihan, ang pinakamababa ay takpan ang buong katawan maliban sa mga kamay at mukha.
3. Ang iyong kasuotan ay dapat na malinis, ibig sabihin ang mga ito ay walang dumi tulad ng ihi, dumi o dugo. Ang sahig o ibabaw ng lupa na iyong pagdarasalan ay dapat ding malinis. Tandaan na maaari itong gawin kahit saan; hindi naman kailangan sa isang Masjid. Dapat tiyakin na ang paggamit ng isang karpeta na dasalan, isang banig o tuwalya ay natugunan ang kondisyong ito.
4. Ang itinalagang ritwal na panalangin ay dapat na gawin sa loob ng itinakda o tamang mga oras. Ito ay hindi tanggap kung isinagawa bago o matapos ng itinalagang oras. Ang tanging pagbubukod ay kung ang isang tao ay makaligtaan ang oras dahil sa isang tanggap na dahilan tulad ng malubhang karamdaman o pagtulog, sa ganitong kalagayan ang isa ay maaari itong bayaran.
5. Kapag nagsasagawa ng itinalagang mga panalangin, kailangan mong humarap sa direksyon ng Kaaba sa Makkah, na kilala rin bilang Qibla.



Ang Talaan ng mga Pagtayo at mga Posisyon


Ang yunit ng Salah (pagdarasal) ay tinatawag na Rak'a, at kabilang dito ang nakatayong posisyon, pagyuko, pagtaas/pagtayo mula sa pagyuko, pagbaba o pagpapatirapa na ang mukha ay nakalapad sa sahig o lupa. Sa ibaba ay isang talaan ng iba't-ibang mga bahagi, nang sa gayon ay unti-unti mong mapag-aralan ang bawat bahagi:

Posisyon 1: Nakatayo (Qiyam)

1. Dapat kang tumayo nang kumportable habang nakabuka ang iyong mga paa pantay ng balikat upang ang mga ito ay naaayon sa natitirang bahagi ng iyong katawan. Ang iyong mga paa ay dapat na nakaharap sa direksyon ng Qiblah.
2. Mangyaring itaas ang iyong mga kamay para simulan ang itinalagang ritwal na mga panalangin; hanggang ang mga palad ng iyong mga kamay ay nakaharap sa direksyon ng Qiblah. Maaaring ganap na pagsamahin o labis na ibuka ang iyong mga daliri. Panatilihin ang mga ito sa natural na posisyon.
3. Parehong gawin ang mga pagkilos sa ikalawang hakbang sa itaas at ikaapat na hakbang sa ibaba habang binibigkas ang salitang Arabik na "Allahu Akbar" [Ang Allah ay mas Dakila].




4. Ilagay ang iyong kanang kamay sa ibabaw ng iyong kaliwang kamay at pulso.
5. Ilagay ang mga kamay sa itaas na bahagi ng pusod o sa dibdib sa isang komportableng posisyon.



6. Habang nakatayo, mas mabuting tumingin sa ibaba kung saan ilalapat ang iyong mukha kapag ikaw ay nagpatirapa.



7. Try not to be distracted by looking around or fidgeting unnecessarily.



8. Bigkasin ang unang kabanata ng Qur'an (ang Surah Al-Fatihah) na sinundan ng iba pang kabanata o talata.

Unang Kabanata: Surah Al-Fatiha

Bismillaahir Rahmaanir Raheem

Alhamdu lillaahi Rabbil 'aalameen

Ar-Rahmaanir-Raheem

Maaliki Yawmid-Deen

Iyyaaka na'budu wa iyyaaka nasta'een

Ihdinas-Siraatal-Mustaqeem

Siraatal-latheena an'amta 'alaihim ghayril-maghdoobi 'alaihim wa lad-daaalleen

Pagsasalin:

Sa Ngalan ng Allah, ang Pinakamaawain, ang Pinakamahabagin

Ang papuri ay sa Allah, ang Panginoon at Hari ng mga nilikha;

Ang Pinaka-Maawain, ang Pinaka-Mahabagin

*Ang May-ari at Hari ng Araw
ng Paghuhukom.*

*Ikaw lamang ang aming
sinasamba at ikaw lamang
ang aming hinihingan ng
tulong.*

*Patnubayan mo kami sa
Tamang Landas -*

*Tulad ng mga taong
pinagkalooban Mo ng Iyong
Biyaya, hindi ang mga
nagkamit ng Iyong galit, o ng
mga naliligaw.*



*Al hamdu lil lahi rabbil
'alamin. Arrahmanir rahim. Maliki
yawmiddin. Iyyaka na'budu wa iyyaka
nasta'in. Ihdinas siratal mustaqim.
Siratal ladhina an'amta 'alaihim, ghairil
maghdubi 'alaihim wa lad dhallin. Amin*

Posisyon 2: Pagyuko (Ruku')

1. Mangyaring itaas ang iyong mga kamay tulad ng iyong ginawa sa simula ng panalangin, at pumunta sa pagyuko (Ruku') na ang iyong likod at mga binti ay nasa 90° ang anggulo (hangga't maaari).
2. Muling gawin ang pagkilos ng unang hakbang habang binibigkas ang salitang "Allahu Akbar."

3. Ilagay ang iyong mga kamay sa tuhod na bahagyang nakabuka ang iyong mga daliri.



4. Tiyakin na ang iyong likod ay tuwid hangga't maaari, sa abot ng iyong makakaya, at subukang panatilihin ang iyong ulo pantay ng iyong likod.



5. Pinakamainam sa ganitong posisyon na tumingin sa ibaba kung saan ilalapat ang iyong mukha kapag ikaw ay nagpatirapa.

6. Gawin ang nauugnay na mga pagsusumamo nang tatlong beses. “Subhana Rabbiyal Atheem” (Perpekto ang aking Nag-iisang Panginoon, ang Pinaka-Dakila).



Posisyon 3: Tumayo mula sa Pagyuko

1. Habang nakatayo mula sa pagyukong posisyon, itaas ang iyong mga kamay tulad ng ginawa sa pagsisimula ng panalangin habang binibigkas ang “Sami Allahu Liman Hamidah” (Tumutugon ang Allah sa mga pumupuri sa Kanya)..
2. Pagkatapos nito, ay maaari mong ilagay ang iyong mga kamay sa iyong mga tagiliran.
3. Bigkasin ang kaugnay na pagsusumamo, “Rabbana wa Lakal-hamd” (O aming Panginoon, ang lahat ng papuri ay sa Iyo).
4. Pinakamainam, habang nasa posisyong ito, na tumingin sa ibaba kung saan ilalapat ang iyong mukha sa pagpapatirapa.



Posisyon 4: Pagpapatirapa (Sujud)

1. Magpatirapa, na nakaluhod gamit ang iyong mga tuhod na ang iyong mukha at mga kamay ay nakalapat sa sahig habang binibigkas ang “Allahu Akbar.”


2. Sa posisyong ito, ang mga sumusunod na pitong bahagi ng katawan ay dapat na nakasayad sa sahig at kasabay nito manatiling nakapatirapa para sa tagal ng Sujud; ang noo kasama ang ilong (1), ang dalawang mga kamay kasama ang buong mga palad at mga daliri (2&3), dalawang mga tuhod (4&5), at ang mga daliri ng mga paa (6&7).



3. Dapat mong tiyakin na ang ilong ay nakasayad sa sahig gayundin ang noo (dahil ang noo kasama ang dulo ng ilong ay itinuturing na isang bahagi ng katawan habang nasa Sujud o nakapatirapa).

4. Iapat ang iyong mga kamay sa sahig sa isang natural at komportableng paraan, mas mabuti sa pagitan ng distansya ng iyong mga balikat at tenga. Panatilihin na bahagyang nakabuka ang iyong mga braso at siko mula sa tagiliran ng iyong katawan. Ang iyong mga daliri ay hindi dapat magkakalayo o ganap na magkakasama.

5. Ang iyong mga paa ay dapat na malapit sa isa't isa at ganap na nakatayo upang ang iyong mga daliri sa paa ay nakalapat sa sahig. Bigkasin ang “Subhana Rabbiyal A’la (Perpekto ang aking Nag-iisang Panginoon, ang Kataas-taasan) ng tatlong beses.




Posisyon 5: Pag-upo mula sa Unang Pagpapatirap Sujud

1. Bumangon mula sa unang Sujud sa posisyong nakaupo habang binibigkas ang "Allahu Akbar."
2. Umupo sa isang komportableng posisyon. Mas mainam na ang isa ay umupo sa paraan kung saan ang kanilang kaliwang paa ay nakalagay sa ilalim ng kanilang puwitan, at ang kanilang kanang paa ay nakataas sa isang tuwid na posisyon, na nakatukod ang mga daliri nito. Kung hindi, ipatong ang iyong likuran sa iyong mga sakong at paa.
3. Ang mga kamay ay dapat na komportableng nakapatong sa dulo ng iyong mga hita.
4. Bigkasin ang kaugnay na panalangin: "Rabbighfiri" (O Allah, patawarin mo ako).



Posisyon 6: Pangalawang Pagpapatirapa (Sujud)

Pagkatapos nito, ay kumpletuhin ang pangalawang Sujud. Gawin ang lahat ng eksakto tulad ng iyong ginawa sa una. Nakumpleto mo na ang isang buong yunit (Rak'a) ng panalangin.



Para tumayo sa susunod na yunit, bumangon mula sa pangalawang Sujud habang binibigkas ang "Allahu Akbar."



Posisyon 7: Ang Tashahud

1. Ang Tashahud ay ang pangalan na binigay sa panalangin na binibigkas bago matapos ang pagdarasal sa 2 yunit na panalangin, at habang nasa nakaupong posisyon pagkatapos ng dalawa yunit ng isang 3 o 4 na panalangin.
2. Kung ang panalangin ay may dalawang yunit lamang, magkakaroon lamang ng isang Tashahud. Kung mayroong tatlo o apat na yunit sa panalangin, magkakaroon ng dalawang Tashahud sa panalangin, isang mas maikli pagkatapos ng unang dalawang yunit, na kilala bilang unang Tashahud, at isang mas mahaba sa dulo, na kilala bilang panghuling Tashahud.
3. Para sa unang Tashahud, umupo tulad ng inilarawan sa ikalimang posisyon sa itaas.
4. Ang mga kamay ay ipatong sa ibabaw ng mga hita. Ang kaliwang kamay ay mananatili sa ibabaw ng hita tulad sa ikalimang posisyon sa itaas. Ang kanang kamay ay nakapatong din sa ibabaw ng hita, ngunit pagsamahin ang mga dulo ng hinlalaki at gitnang daliri. Kasabay nito, itaas ang hintuturo at ituro ito.
5. Sa posisyong ito, ay dapat kang tumingin sa iyong hintuturo.
6. Bigkasin ang kaugnay na panalangin:

“At Tahyatu lillahi was Salawatu wat Tayyibatu. Asslamu alaika ayyuhan Nabiiyu wa Rahmatullahi wa Barakatuhu. Asslamu alaina wa ala ibadillahis Saliheen Ashhadu Alla Ilaha Illallah wa Ashhadu Anna Muhammadan Abduhu wa Rasooluh”



(Ang lahat ng mga papuri, panalangin at mabubuting pahayag ay tanging iniaalay sa Allah. Nawa'y mapasa-iyong proteksyon ng Allah, O Sugo (SAWS), at habag ng Allah at mga biyaya. (Nawa'y mapasa-atin ang proteksyon ng Allah at sa lahat ng matutuwid na alipin ng Allah. Ako ay sumasaksi na walang ibang Diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah. At ako ay sumasaksi na si Muhammad (SAWS) ay Kanyang alipin at Sugo).

7. Para sa huling Tashahud, ulitin ang mga hakbang sa bilang 2 hanggang 4.

8. Bigkasin ang kaugnay na mga panalangin:

“Allahumma Salli Ala Muhammad wa Ala Aali Muhammad, Kama Sallayta Ala Ibrahim Wa ala Aali Ibrahim innaka Hameedum Majeed Allahumma Barik Ala Muhammad wa Ala Aali Muhammad, Kama Barakta Ala Ibrahim Wa ala Aali Ibrahim innaka Hameedum Majeed.”

(O Allah, Iyong parangalan si Propeta Muhammad (SAWS) at ang kanyang pamilya at ang matuwid na mga tagasunod gaya ng pagpaparangal mo kay Propeta Abraham (AS) at sa kanyang pamilya at sa matuwid na mga tagasunod, tunay na Ikaw ay kapuri-puri, ang Dakila. O Allah, pagpalain Mo po si Propeta Muhammad (SAWS) at ang kanyang pamilya at ang matuwid na mga tagasunod gaya ng pagpaparangal mo kay Propeta Abraham (AS) at sa kanyang pamilya at sa matuwid na mga tagasunod, tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, ang Dakila.)





abduhu wa rasuluhu.

Allahumma salli 'ala Muhammad Wa 'ala ali Muhammad, Kama sallaita 'ala Ibrahim wa 'ala ali Ibrahim Innaka hamidun Majid.

Allahumma barik 'ala Muhammad wa 'ala ali Muhammad Kama barakta 'ala Ibrahim Wa 'ala ali Ibrahim. Innaka hamidun Majid.

Posisyon 8: Pagtatapos ng Panalangin (Tasleem)

1. Matapos ang huling Tashahud..
2. Ibaling ang iyong ulos sa kanan at bigkasin ang, “Assalamu alaykum wa Rahmatullah” (Ang proteksyon at pagpapala ng Allah ay mapasa-iyo).
3. Ibaling ang ulo sa kaliwa at bigkasin: “Assalamu alaykum wa Rahmatullah.”





SCAN ME